

# MGA KARANIWANG TANONG TUNGKOL SA DOL REAL ID

Agosto 8, 2023

## Ano ang REAL ID?

Ang REAL ID ay pederal na batas, at hindi isang aktuwal na piraso ng ID. Dinaragdagan ng batas na ito ang mga hakbang para sa kaligtasan at seguridad at tinitiyak ang pagkakakilanlan. Alamin ang higit pa tungkol sa REAL ID Act at kung anong mga piraso ng pagkakakilanlan ang mga kakailanganin mo upang matugunan ang mga hilingin upang sumunod sa REAL ID Act.

## Bakit ko kailangan ng dokumentong nakasunod sa REAL ID?

Ang REAL ID Act ay nagtatag ng minimum na pamantayan sa seguridad para sa mga lisensya sa pagmamaneho at ID card na ipinagkaloob ng estado. Aatasan ng pederal na batas ang sinumang naglalakbay sa pamamagitan ng eroplano o bumibisita sa ilang pederal na pasilidad na gumamit ng dokumentong nakasunod sa REAL ID simula sa Mayo 7, 2025. Kahit hindi ka naglalakbay sa pamamagitan ng eroplano, dapat mo pa ring kunin ang iyong mga dokumentong nakasunod sa REAL ID para matiyak ang iyong pagkakakilanlan at kung sakaling magkaroon ka ng agarang pangangailangang maglakbay.

## Ano ang kailangan ko upang sumunod sa REAL ID?

Ang mga opsyon sa pagkakakilanlan na ito ay nakatugon sa mga pamantayan ng REAL ID at magagamit upang sumakay sa mga domestic flight:

- Pinahusay na Lisensya sa Pagmamaneho (Enhanced Driver License, EDL)
- Pinahusay na Kard ng Pagkakakilanlan (Enhanced Identification Card, EID)
- ID ng Sundalo sa U.S. (U.S. Military ID)
- Pasaporte ng U.S. (U.S. Passport)
- Kard ng Permanenteng Residente (Permanent Resident Card o Green Card)
- Pederal na Kinikilala na Photo ID na Inisyu ng Tribu
- Kard ng Awtorisasyon sa Pagtatrabaho sa mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng U.S. (U.S. Citizenship and Immigration Services Employment Authorization Card o I-766)
- Pasaporte ng Ibang Bansa

Tingnan ang buong listahan ng [mga dokumentong tinatanggap para sa paglalakbay sa himpapawid.](#)

## Makakakuha pa rin ba ako ng karaniwang lisensya sa pagmamaneho at ID card?

Oo, patuloy kaming mag-aalok ng karaniwang lisensya sa pagmamaneho at ID card na magagamit ng mga residente sa Washington para makapagmaneho o bilang pagkakakilanlan. Hindi ipinapakita ng karaniwang lisensya sa pagmamaneho at ID card ang paninirahan o legal na

katayuan ng isang tao. Simula sa Mayo 7, 2025, hindi na tatanggapin ang mga iyon bilang may-bisang uri ng ID para sa pagsakay sa mga domestic flight.

**Makakapaglakbay pa rin ba ako sa himpapawid tungo sa mga lugar sa loob ng bansa gamit ang aking karaniwang lisensya sa pagmamaneho?**

Hindi. Kapag ipinatupad na ang REAL ID Act, hindi ka na makakasakay sa mga domestic flight gamit ang iyong karaniwang lisensya sa pagmamaneho maliban kung isa itong Enhanced Driver's License o iba pang dokumentong nakakasunod sa REAL ID.

**Makakapaglakbay pa rin ba ako sakay ng kotse o iba pang sasakyan gamit ang aking karaniwang lisensya sa pagmamaneho?**

Oo, ang iba pang paraan ng paglalakbay, gaya ng pagmamaneho tungo sa ibang estado o pagsakay sa tren, ay hindi nangangailangan ng ID na nakakasunod sa REAL ID. Maaaring gamitin dito ang mga karaniwang lisensya sa pagmamaneho at ID card.

**Ano ang pagkakaiba ng Enhanced Driver License (EDL) at Enhanced Identification Card (EID)?**

Isang uri ng pagkakakilanlan ang EDL o EID na mayroong mas pinahusay na mga kaibhan para sa seguridad na nagpapakita ng katibayan ng pagkakakilanlan at katibayan ng pagkamamamayan. Ang mga kaibhan na ito ay sumusunod sa REAL ID Act. Pasado ang EDL/EID sa mga pederal na kahilingan sa ilalim ng REAL ID at isang aprobadong alternatibo sa pasaporte o passport card para sa muling pagpasok sa U.S. sa mga hangganan sa pagitan ng United States, Canada, Mexico, Bermuda, at Carribean.

**Sino ang maaaring kumuha ng EDL o EID?**

Dapat ay isa kang mamamayan ng U.S. at dapat kang magbigay ng Social Security number, katibayan ng pagkakakilanlan, at katibayan ng paninirahan sa Washington State. Matapos mong tipunin ang iyong mga dokumento, gumawa ng appointment para mag-apply sa isang tanggapan na nag-aalok ng lisensya sa pagmamaneho na malapit sa iyo.

**Kailangan ko bang kumuha ng EDL o EID?**

Kung hindi ka nagpaplanong maglakbay sa himpapawid tungo sa mga lugar sa loob ng bansa, o mayroon ka nang katanggap-tanggap na mga dokumento ng pagkakakilanlan, maaaring hindi mo na kailangan ang EDL o EID. Patuloy kang pahihintulutang magmaneho ng karaniwang lisensya sa pagmamaneho at patuloy na magsisilbing may-bisang uri ng pagkakakilanlan sa loob ng estado ang iyong karaniwang ID. Gayunpaman, pinakamainam pa rin ang maging handa kung sakaling magkaroon ka ng mga hindi inaasahang pangangailangan na maglakbay sa himpapawid.

**Paano ko malalaman kung hindi nakasunod sa REAL ID ang aking lisensya sa pagmamaneho o ID card?** Sinimulan naming markahan ang mga karaniwang lisensya sa pagmamaneho at ID card ng "Federal Limits Apply" (Nailalapat ang mga Pederal na Limitasyon) noong Hulyo 2018 sa kanang sulok sa itaas. Suriin ang iyong ID o lisensya para makita kung may ganitong marka ang iyong ID.

Alamin ang higit pa tungkol sa REAL ID.

**Kailangan pa ng tulong? Maaring makipag-ugnayan sa amin sa sumusunod na numero.**

**Telepono:** 360-902-3900

(TTY: Tumawag sa 711)